**Presidential Communications Operations Office**
**Presidential News Desk**

**TALK TO THE PEOPLE OF**
**PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE**
**[30 September 2021]**

**PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE:** Mga kababayan, a pleasant day. Ako pleasant talaga ang araw na ito kasi nag-inaugurate ako ng one of the three bridges na nagawa sa panahon ko. Tatlong tulay itong ipapakita ko ngayon sa itong the BGC-Ortigas Link, tapos 'yung isa 'yung sa Binondo, tapos 'yung isa 'yung sa Estrella-Pantaleon. Iyon ang tatlong tulay na maiwan ko para sa inyo.

I would like to show you the Link I inaugurated early this afternoon. [Can we show the clip?] [plays video clip]

One of the longest bridge ito sa Manila, spanning something like a kilometer --- konting ano, one kilometer plus 'to. And it will reduce traffic because kung mga taga 'yung mga taga-[BGC], if you go in and out of Manila or the Ortigas guys, 'yung Center Link you skip EDSA. And the travel time for you to cross the bridge and be in your place of work or your intended destination will be 12 minutes. So malaking bagay 'yan at salamat sa mga taong who join us to give us the updates sa ating discussion. We go now to the important things that we have to discuss.

As of today, we have already received more than 71 million vaccine doses against COVID-19. Of this number, around 46 million doses were purchased by government, 16 million were donated by COVAX, and 5 million were purchased by the LGUs, while more than 3.6 million doses were donated by other countries.

To date, more than 45 million vaccine doses have been administered nationwide. Of which, 24 million doses were given as first shot, dalawa kasi 'yan eh. While the number of fully vaccinated individuals is now more than 21 million or 27.36 [percent] of the country's eligible population.

At this point, I think we have a slide to show how we are faring in our fight against COVID. [shows slide] Ayan. Okay, good. Thank you.

This September, we administered 12 million doses. Hopefully we can further improve this number in the following weeks and months as vaccine supplies are now arriving steadily with October promising to be a strong month in terms of supply.

The national government aims to administer 10-15 million doses of --- by October and bring the total number of fully vaccinated individuals to about 25-26 million. Indeed, the administration of the first and second shots of the vaccines have steadily improved in many regions as well as key cities throughout the country.

Thanks to the collaboration of our national government, our LGUs (local government units), as well as other partners and stakeholders. More than 7 million residents or 72 percent of the NCR's

target population is now fully vaccinated, while almost 86 percent have received at least one shot of the COVID-19 vaccine. Mayroon pang naiwan na hindi pa na --- ewan ko kung bakit that they have to have their bakuna. May bakuna naman sana magpabakuna na talaga.

Meanwhile, major cities in Luzon, Visayas, and Mindanao have breached the 35 percent mark in terms of fully vaccinated individuals and several to have almost reached 50 percent. The percentage of partially vaccinated individuals in various regions follow closely and we hope that this will increase in the coming weeks and months ahead. For the last quarter, we target more regions and cities throughout the country to reach 50 percent or more than, well, around that number 50 percent before Christmas.

Finally, I am very pleased to let you know that the IATF today acted on my recommendation to approve --- to open the vaccination program to the general population immediately and also to begin the inoculation of our 12 to 17 years old children against COVID-19 as a pilot in key cities starting October 15.

So mayroon na. Punta ka na lang doon wala ng ano, wala ng tanong basta sabihin mo lang na gusto mo pang --- pang-sampu na shot. Mamamatay ka niyan, sigurado 'yan. You know there are people really who are not contented or hindi sila kampante sa second or third shot. But you know the medical experts --- mayroon 'yang pangdagdag sa antibodies mo. If you really want a multiple vaccine, have yourself checked 'yung ano ang population ng antibodies mo. Eh kung mayroon, huwag mong sobrahan kasi masama. It is not good. Iyong iba kasi nag --- nagpapaano eh sigurista. But any doctor would tell you that it is bad, bad as bad.

Biro mo i-inject mo 'yung maraming --- nako. They are viruses na pinapasok sa katawan mo. Maski na ba sabihin mo na 'yung iba ano patay. Pagdating niyan doon sa katawan mo, mag-resurrection 'yan. So you have a problem again.

Iyong wala --- pangalawa pa, check out the vaccinations that are being done daily at baka eh magsali ka na doon sa second shot mo para kumpleto na. Tama na 'yang dalawang doses. 'Wag ninyong sobrahan, delikado. At alam mo, when you do that in multiple, hindi ka magsabi ng totoo, you deprive your countrymen, the others na hindi pa, sa isang bakuna na maibigay doon sa kapwa mo tao.

Ganoon 'yan eh. 'Pag masyado kayo, mayroong iba may second, third, fourth, fifth. Hindi naman kailangan. And it does not add really to the full protection of your body. You can even get contaminated again.

So huwag mong kunin lahat o 'yung style na sa Bisaya 'yan --- [Ano bang sa --- dinawo (selfish). Ano bang dinawo sa Tagalog?] 'Yang gusto mong basta lang --- akala mo in your poor judgment na kailangan mo pa ng tatlo, apat, when you do that, you deprive the others, maski na sabihin mo isa, dalawa. There are a lot of Filipinos who have yet to receive the vaccines. Kindly be --- [How do I put it?] kindly be so passionate about the whole thing, kapwa mo tao.

Meanwhile, many major cities in Luzon, Visayas, and Mindanao have breached the 35 percent mark in terms of fully vaccinated individuals and several to have almost reached 50 percent. The

percentage of partially vaccinated individuals in various regions follow closely and we hope that this will increase in the coming weeks and months ahead.

May mga bakuna man tayo, may dumating. Kasasabi lang ni --- ni Secretary Galvez pati Secretary Duque na ang Amerika nagbigay bago, 5 million? Ang bait ng Amerika. Baka pupunta ako doon just to thank the American government and the people. Ano --- ano na bang itsura ng Amerika?

Finally, I am very pleased to let you know that the IATF… Alam mo ganito yan, dito sa quarantine ‘yung 14 days… May doktor ako na galing sa Amerika, kalalabas lang niya ngayon after spending 14 days. Masyadong malayo man ‘yan, sir. If you can talk to the Task Force, is it really demanded of the moment? And is it --- is it really a compelling thing that you complete the 10-day detention?

Kasi kung ma --- ‘yung iba earlier during the --- when this thing COVID came in, they were talking about the incubation period of about seven days lang. ‘Pag pumasok sa katawan mo, at least seven days lalabas talaga ‘yan. I may be wrong. I may have misheard. Pero kung totoo ‘yan, eh seven days na lang. Para kasi kung magpasok ‘yan, it will manifest sa katawan mo within seven days. It could be on the second, third, fourth, fifth, ganoon ‘yan, talagang lalabas ‘yan. Beyond that, medyo wala na. Iyan ang sabi nila.

Kung mapakiusapan natin si Secretary Duque pati si --- well, sino pa, baka ma… Yes, Secretary Año?

**DILG SECRETARY EDUARDO AÑO:** Sir, pinag-uusapan na po sa IATF. In fact po, fina-finalize lang po namin ito. Magiging five to seven days na lang po ‘yung quarantine period sa mga vaccinated po.

**PRESIDENT DUTERTE:** Good, sir. Sabagay if it’s really the incubation period of a germ entering your body and it will manifest within seven days, and beyond that, hindi na, hindi na kasali ‘yan, ibang sakit na ‘yan. Well, I think that --- kaawa-awa naman ‘yung mga --- naaawa ako sa kababayan natin, ang mga OFW.

Pati ‘yung utang natin kasi ‘yung mga hotel na ginagamit natin maganda eh. Iyang Manila Hotel, Diamond Hotel, hindi ito basta-basta. Kung gustong mong makatikim ng magandang hotel na ganoon, magpahawa ka lang, mamili ka ng hotel gusto mo. Iyong --- ‘yung --- kung bata ka hindi ka man… Dalawa kayo ng girlfriend mo magpahawa, eh mag-honeymoon ka na doon. Medyo may lagnat lang nang kaunti pero okay na.

Now, dito tayo sa Blue Ribbon hearings. Actually ganito, ang gustong ipalabas talaga ni Gordon na may kickback ang mga opisyal, kung hindi ako, sino ang gusto niya. And he is out really to find something which is not there. Alam mo Senator Gordon, hindi naman kami masyado talagang mahirap sa buhay, kuntento na kami at ‘yung Gabinete ko sa kinikita nilang suweldo.

Ikaw pinipilit mo lang kasi naghahanap ka na talaga kung mayroon bang kickback. Ay sabihin ko sa iyo, insofar as we are concerned here, wala po. Hindi namin sakit ‘yan. At ako sabi ko

kung gusto kong mag-kickback, bakit ngayon patapos na ako? What's the point? I have been mayor for 23 years. Eh 'di inumpisahan ko na sana. Eh 'di may mansion na sana ako kagaya ninyo. Iyan ang --- 'yan man ang totoo. Bakit ako magsakripisyo ng 23 years kung mayroon man talagang pera na makukuha mo? 'Di ba?

Ngayon, ikaw ang problema mo ganito, sinabi mo, "Bakit ba ang Pangulo ay dini --- dinidepensahan ang mga sangkot sa anomalyang ito? Why does he lower his dignity? Bakit hindi magtanong ang Pangulo si Leon --- si Lao? You know ganoon lang 'yan, pakunwari lang. But actually tina --- kami ang tina-target mo, si Duque, si --- si 'yung --- si Secretary Galvez.

Eh susmaryosep. Ikaw 'yung may totoo. What is really… What has come out in your investigation is that mayroon kang dinespalko na 86 million out of the 146 na hiniram ninyo, 86 percent ang kinuha mo o 86 thou --- million. Iyan ang totoo kasi natalo ka sa COA, nag-appeal ka, natalo ka, umabot ka ng Supreme Court. Ngayon natalo ka and the judgment is final and executory. Wala ka nang magawa diyan kundi bayaran. Isauli mo ang pera, Dick Gordon. Return the money. Itong imbestigasyon mo wala pa.

Ang totoo dito ang lumabas sabi ng COA na walang corruption, walang overpriced, at delivered lahat. Eh ano pa ang gusto mo? Sige ka kalkal, naghahanap ka kasi gusto mo sigurong nasa TV ka araw-araw. Libre kasi ang exposure.

Mga kababayan ko, kung ito si Gordon sa katagal na nito sa Senado ganoon pa rin ang pinapakita niya, itapon na ninyo 'yan. Maghanap kayo ng mga bagong senador. Huwag 'yang mga ano na 'yung parang despot na parang hari na hindi ka pasagutin. Kung 'yang tanong mo may sagot siya na gusto mong sabihin, kung ayaw niya, magagalit ka. Anong klaseng…?

May… Iyong ano mo is --- may sinabi ka na anti-democratic. At ito, you will suffer itong sa statement mo. Sabi mo kami ang nagpapatagal sa… Sabi ko nga durugin mo na, Pharmally or lahat 'yang nag-ano diyan. Wala kaming pakialam at hindi namin dedepensahan. Kaya lang every time you call, tinawag mo si Duque na naman --- Secretary Duque kanina, hindi naman ninyo tinanong.

You know, I want the Cabinet members to focus on COVID-19. It is a pandemic and it has spread throughout the country and in other parts like Davao, Cagayan, Cebu. Malaki pa ang trabaho natin. And I --- alam mo pagka pinapatawag mo for nothing and for how many days, para kang sino na… Sus, Gordon uy. Maluya (manghina) man ako sa iyo. What are you --- what's the f*****…?

Wala ka mang nakuha hanggang ngayon na walang corruption, wala… Lumalabas tuloy 'yung baho mo. Ikaw ang may kailangan ngayon. As a matter of fact, we will be filing a case against you for malversation not as a senator. Dinikit mo 'yung PDAF mo diyan sa Red --- anak ng jueteng ka --- at gi-drawing mo 'yung mukha mo. Ang mukha mo nandiyan lahat nakaplastar. That is a cheap propaganda. That is a… The Filipino people spends for that.

Ang gusto namin malaman kasi 'yung pera ng 86 I think o 88 million na PDAF mo, sinali mo doon sa pera ng --- you commingled it, gikurambos (pinagsama-sama) mo, tawag diyan sa

Bisaya. So mahirapan tayo ngayon maghanap niyan. It has to be an audit kasi ‘pag hindi ‘yang mag-audit ‘yang Red --- itong COA, there is a provision in the Constitution which mandates COA to conduct an audit and find the money where it is.

Iyan ang mahirap sa iyo and you say ang mahirap ito --- may sinabi ka nag-dragging at ito ang sinabi mo --- you know, this will --- this statement of yours will create a crisis, sigurado ako so we better prepare for that, sinabi mo: And you say that this can go on until kingdom come. Ibig sabihin at the end of the world. Iyon ‘yung panahon na magbaba na si Kristo para sabihin kung sino ‘yung magnanakaw pati liars. Sigurado ako ikaw ang ituro diyan sa Olongapo.

Ngayon, kailan ito matapos kingdom come? Who are you to say that? Sabi ko that is a very undemocratic statement. And you want the Filipino nation pati kami dito sa Executive department damayin mo?

Well, I’m telling you now, I am --- I have ordered Secretary Medialdea to prepare the --- Executive Secretary --- I will issue a memorandum na lahat ng nasa Executive department will no longer obey your summons kasi kingdom come ka. Kailan mo matapos? Sabihin, “Eh basta kingdom come.” Mahirap dito mag… Until kingdom come. You are overstepping your jurisdiction on this. This is --- there is an abuse of discretion already. This is not an acceptable statement in a democracy. We are run by laws and rules and you cannot do that for us for you to wait for kingdom come.

[Plays video clip of Senator Richard “Dick” Gordon during a congressional hearing.]

**SENATOR RICHARD “DICK” GORDON:** This is what we have found so far. Some people equivocate, some people try to skirt the questions that are being asked and in a rather haltingly or hide behind the mask of confusion when the questions are clear.

In the meantime, we go on with our hearing and this is the 10th hearing practically, and we will go on to kingdom come until we go because we are still practically in the beginning and we’re still on Pharmally and there’s a lot more to be dug. [end of video]

**PRESIDENT DUTERTE:** Dalawa lang, Dick --- alam mo, dalawa lang kayong nagsabi niyan ng “kingdom come”, si Hesukristo pati ikaw. Na-realize mo ba ‘yan? Kingdom come, that’s one of the statement of Jesus Christ when he was here with us dito sa --- in the planeta, pati ikaw. So you are playing God.

So ‘pag sinubpoena (subpoena) mo ‘yung taga-Executive department kasi ayaw ko na based on your statement that you will conduct the investigation until kingdom come, ako just to, you know, pull back the secretaries --- si Duque and Secretary Galvez --- mag-focus sila, redirect your attention to our problem of pandemic. Never mind Gordon, he is nothing.

And alam mo, Senator Gordon, just like a parang advice, please do not use that recklessly ‘yung --- you’ve been using it in a reckless manner eh, ‘yung mag --- i-contempt mo ‘yung mga official ko? You know the procedure there is --- 'yung methodology is ah the --- you will order the ---

automatic 'yan, the sergeant-at- arms to arrest the persons refusing to heed your summons, subpoena. So hulihin 'yan ng sergeant-at-arms.

I said that you have gone out of bounds amounting to lack of jurisdiction. So sabihin ko sa sergeant-at-arms ngayon, do not ever attempt to arrest anybody kasi ikaw ang arestuhin ko. Ngayon, you will order the police and the military to help the sheriff.

Ako naman as Commander-in-Chief of all uniformed personnel of government, I am ordering the police and the military and everybody to stay out of this trouble. Huwag kayong sumali, huwag kayong sumunod kasi may crisis na tayo.

There will be a time maybe which... I am just afraid that you will have to intervene pero huwag muna ngayon because it's just a brewing. And ako kasi grave abuse of discretion, the exercise of --- is a grave abuse of discretion amounting to lack of jurisdiction na. Sinobrahan mo eh. So 'pag sinobrahan mo, away na tayo.

Now, mag-order ka ng sergeant-at-arms mo, sino man kasama niya? Isa lang man 'yan. So you will order the police. So I'm ordering the police not to obey you. You may resort to using the military, and sabihin ko sa military, "Stay out." My order is you stay put. Huwag kayong sumunod sa order ni Gordon kasi he is now treading on dangerous grounds.

Itong kanyang hearing is an exercise of grave abuse of discretion amounting to already of lack of jurisdiction. That power to compel people to be there does not include abuse, does not include despotic ways, does not include like making a very reckless but deliberate statement which is an upfront to the Constitution when you say, "I will conduct the investigation until kingdom come."

Tanungin kita ngayon, sino ka? Now, kayong mga senador, you might be offended by my words now. Eh 'yung kasama ninyo sabihan ninyo. Eh 'pag hindi rin kayo makaprangka, gusto niyong sumali sa rumble, eh 'di mag-rumble tayo. Then I said there will be a constitutional crisis. So I'm ordering the military and the police to, you know, as their Commander- in-Chief. May crisis na tayo. Ikaw ang bahala. Wala na, marami sanang points dito na ipaano sa iyo.

Harry Roque is now with us and he can give us the finer points of law about your behavior diyan sa Senate. Harry, you can have the floor.

**PRESIDENTIAL SPOKESPERSON HARRY ROQUE:** Magandang gabi, Mayor, at magandang gabi po sa lahat ng ating mga kababayan.

Unang-una po ano, tama po ang mga sinabi ninyo. Isa po sa bagong probisyon ng ating Saligang Batas ay 'yung tinatawag na certiorari power ng ating hukuman. May mga political questions po tayo at ito po 'yung mga questions na sang-ayon sa Saligang Batas ay kinakailangan maresolbahan ng iba't ibang mga sangay ng gobyerno 'no.

Pero kapag nagkaroon po ng grave abuse of discretion, 'pag nagkaroon ng capriciousness, 'pag nagkaroon ng wantonness, iyan po ay pupuwedeng mapawalang bisa dahil bagama’t mayroon po

tayong kanya-kanyang mga poder sa iba't ibang sangay ng gobyerno, dapat po ito ay ginagawa natin in good faith and it must be done within the bounds of jurisdiction.

So tama po ang sinasabi ninyo 'no. Bagama't may kapangyarihan po ang Senado na mag-conduct ng investigations in aid of legislation, isa po siyempre sa limitasyon is that it must be in aid of legislation. Bagama't we concede that because of the plenary power of Congress, it is Congress ultimately that will decide what is in aid of legislation.

Pero ang exception po diyan if they act with grave abuse of discretion amounting to lack of jurisdiction. At sa tingin ko po, iyong sinabi ni Senator Gordon that he will conduct the hearing "till kingdom come," knowing na ang mga nagpa-participate po sa hearing ay ang mga kaparehong mga kalihim na in charge po sa COVID response ng ating bansa: ang DOH Secretary, ang Vaccine Czar, ang Testing Czar, ay 'yan po ay tantamount already to grave abuse of discretion.

Hindi naman po pupuwede na bilang Presidente na kapag na ang inyong katungkulan ay pagpapatupad ng batas, hindi po pupuwede magkaroon ng paralysis sa sangay ng gobyerno na nagbibigay serbisyo sa panahon ng COVID. Ang IATF po pinamumunuan ng Secretary ng Department of Health. Iyong ating solusyon po sa pandemya ng mga bakuna, pinamumunuan po ni Secretary Galvez. At siyempre po 'yung importanteng gawain pagdating po sa ating PDITR, sa detection and testing, ay pinamumunuan po ni Secretary Vince Dizon.

Kung ang mga kalihim pong ito ay araw-araw na lang mula alas otso hanggang alas singko ng hapon ay humaharap sa Kongreso "till kingdom come," magkakaroon po ito ng epekto, magkakaroon po ng paralysis 'yung abilidad ng ating gobyerno na bigyan ng katugunan ang problema ng COVID-19 pandemic.

So in my humble opinion po, it is already tantamount to grave abuse of discretion. It no longer is in aid of election. It is a witch-hunt. It is a persecution. It is in aid of election. At mayroon po kayong katungkulan na panindigan na po ang Saligang Batas at katungkulan bilang isang Presidente na nageeksersisyo ng inherent police power of the state to take such steps that will promote among others public health.

Iyon lang po ang aking humble opinion at sa tingin ko po tama po, there is a constitutional crisis dahil inutusan niyo po ang mga kapulisan na huwag sumunod sa contempt powers ng Senado. Pero the Constitution po is written in a way na there should be auto-limitations in the way the powers of the three branches of government are exercised. And where is there is grave abuse of discretion, that auto-limitation will result in an equilibrium.

And I believe, Mr. President, that although this might be the beginning of a constitutional crisis, it will resolve itself because the Senate will ultimately realize that they do not have the police power to enforce even their contempt powers if and when they act in the manner that is capricious and bereft of legitimacy.

Iyon po ang aking humble submission. Magandang gabi po, Mayor, Mr. President.

**PRESIDENT DUTERTE:** Salamat, Secretary Roque.

Tama ka talaga, on all fours I agree with you. You articulated my sentiments. I was not really able to give it the way that you are doing kasi batas na eh at pinag-aralan mo. And you are a constitutionalist, professor ka ng Constitution, alam mo talaga lahat.

And besides, 'yung maski na ordinary lawyer or ordinary person, 'pag sinobrahan mo 'yung power mo then there is a grave abuse of discretion, then pagka ganoon, it would go out to something like in excess of or lack of jurisdiction na. Kaya ako I will protect the people of the Republic of the Philippines by calling all the secretaries involved in the fight against COVID to stay focused.

Eh kung pinapatawag nila 'yan may mga decisions sa araw-araw ilan. They have to make critical and crucial decisions. And if they spend most of their time pinapatawag doon parang boy paupuin mo lang, eh medyo malabo 'yan, Dick.

Ano talaga 'yung very appropriate 'yung pangalan mo, Dick. How is your --- how is your health? Eh inumpisahan mo ng ano eh. Hindi ba at first nang sinabi ko noon na 'wag mag-testify. Sabi ko ba't kayong natawag na especially si general --- ah si Secretary Lorenzana, Secretary Galvez, and Secretary Duque, eh 'wag naman masyadong --- 'wag masyadong --- iniinsulto mo pa eh.

You know you do not have that right to --- to insult people and to shout at people and to interrupt the truth. Pinuputol mo eh. Pinuputol mo because of your power as a Senator. So this time, I will castrate you.

Hindi ko na papayagan ang mga tao. Eh kailangan ko 'yan sa COVID. Inuubos mo 'yung panahon nila. So tayo na ang mag-away. So ngayon, I'm sure that you will use your contempt powers. Hanggang diyan ka lang. Sergeant-at-arms mo? Susmaryosep, ipaaresto ko 'yan eh.

Sino naman tawagan mo pulis? I am ordering the police now to stay out. Do not obey the Senate. So… And the military, if Gordon feels like calling upon you, again, the same order, stay out. Stay out because there is an --- a brewing constitutional crisis here. Not of our own making. Hindi sa amin nanggaling ‘yang ano, the fault does not lie in us.

Ako nga pumayag ako, sabi ko, sige tutal naano, naumpisahan na man ninyo. Pero sumusobra ka na eh. Ang iyo talaga naghahanap ka ng butas na makita nagtanggap kami ng pera. Iyan ang gusto mong mangyari. Sus, Gordon. Kasi hindi mo kami kilala. Akala mo lang, if you have been to the ways of corruption. Kagaya ikaw, PDAF, what's the PDAF actually? PDAF is corruption. Wala man talaga, nawawala na ang pera diyan sa gobyerno dahil diyan sa PDAF na 'yan. It cannot be accounted. Billions, billions of PDAF cannot be accounted for already because ang --- you know, 'yung auditing is already an impossible task.

So ‘yan, dinikit mo 'yan. It's not --- dinikit mo 'yung pera diyan sa Red Cross tapos 'yung you are using the facilities to promote yourself. Be careful. Be careful, Dick. Be careful in exercising the powers of government. There is always a limit to what you can do.

So sabi ko nagwawala ka na, eh kakapunin kita. And that is what's going to happen. I'm sorry to --- it has gone this way. I do not want it. That's the last thing that I would want to do, quarrel with a separate body but I can only take so much.

Iyang "kingdom come" na 'yan, it means that you can summon everybody again araw-araw to the detriment of the workings of government. That is not good. I do not want that to happen. But gagawain ko talaga.

So 'yung --- ito, Dick, iyong positive --- iyong false positive ng RT-PCR test conducted by the PRC. I have learned that out of the PSG personnel whereby 187 out of 213 tested positive in the [PRC] Manila laboratory, yet tested negative in their confirmatory test.

If you have 187 positives in the PSG, it would mean that three or four personnel or individual that you need also to put to test or put in quarantine as contact trace individuals. Maubos ang tao ko sa --- kung 'yung lahat na dumaan mag... Anak ng... This is not acceptable, Dick.

I do not want my PSG to be placed in jeopardy.

So iyon lang, Dick. Tulog ka na and prepare tomorrow. Because tomorrow you will be one of those impotent --- by your making --- an impotent worker of government.

Hindi mo kasi naintindihan 'yang senador-senador eh. Iyang highfalutin titles. We are all workers of government, remember that. So, iwanan na kita diyan, Dick.

--- END ---